# PAGBUO NG KURIKULUM PARA SA MGA MAY DYSLEXIA: ANG WORDLAB SCHOOL BILANG MODELO*

*Minerva L. de la Paz*

Ang "dyslexia" ay isang "disability" na ngayon pa lamang nakikilala. Ngunit ayon sa mga eksperto, mas angkop na tawagin itong "learning difference" kaysa "learning disability" sa dahilang kadalasan ay mahuhusay ang mga estudyanteng may "dyslexia". Sa dahilang ito sila ay nangangailangan ng ibang pamamaraan ng pagtuturo at pagkatuto.

Ano ba ang "dyslexia"? Ayon sa Orton Dyslexia Society (1994), ito ay:

> *...neurologically-based often familial, disorder which interferes with the acquisition and processing of language. Varying in degrees of se-verity, it is manifested by difficulties in receptive and expressive language, including phonological processing, in reading, writing, spelling, handwriting, and some-times in arithmetic. Dyslexia is not a result of lack of motivation, sensory impairment, inadequate instructional or environmental opportunities, or other limiting conditions, but may occur together with these conditions. Although dyslexia is lifelong, indivi-duals with dyslexia frequently respond successfully to timely and appropriate intervention.*

Kadalasang napapansin ang "dyslexia" kapag bali-baliktad at magulo ang isinusulat ng estudyante (halimbawa, ang b ay nagiging d), bali-baliktad ang binabasa o kaya ay maraming salitang nawawala, o kaya ay hindi maintindihan ang kaniyang sinasabi. Maaari ring iba ang naisusulat kapag may kinokopya o napagpapalit niya ang pangalan ng mga bagay (halimbawa, radyo para sa dyaryo). May mga bata ring nahihirapang umunawa ng mga panuto at mga batang parang magulo kung mag-isip. Dahil dito, nababansagan silang "careless". Dapat na maunawaan na ang mga pagka-kamaling ito ay hindi sinasasadya hindi dahil sa pagkukulang ng bata, magulang o guro.

Isa sa mga basehan ng pagkilala kung ang bata ay may "dyslexia" ay ang kaniyang Intelligence Quotient (IQ) na kadalasan ay average hanggang superior. At dahil magagaling ang karamihan sa may dyslexia, may malaking posibilidad na sila ay magiging produktibong mamamayan ng bansa. Samakatuwid kinakailangan silang mabigyan ng pagkakataon at karampatang suporta.

## ANG WORDLAB SCHOOL

Ang WORDLAB SCHOOL ay itinatag ni Mailin Paterno bilang isang reading clinic noong 1987. Layunin niyang makatulong sa mga batang may mga problema sa pagbasa sa pamamagitan ng "one-on-one programs". Pumupunta ang isang estudyante dalawang beses isang linggo at nag-aaral sa loob ng isang oras bawat sesyon.

Sumali si Dina Ocampo noong summer ng 1990. Noong 1993, sumama sina Chiqui Colet at Rachel Red Amparo, mga espesyalista sa reading. Noong 1994, nag-pasya silang magturo ng mga batang may dyslexia lamang.

Subali't matapos ang desisyong ito, nakaramdam sila ng pagkasiphayo. Magagaling ang mga bata ngunit hindi pa rin maganda ang perpormans sa eskuwelahan. Kahit nakakabasa sila sa angkop na antas, nahihirapan pa rin ang mga bata sa ibang mga gawain eskuwela. Noon nila pinlano ang pagtatatag ng isang paaralan

WORDLAB SCHOOL
53 Socorro Fernandez St. Mandaluyong, Metro Manila
Telephone Number: 7233636

*Base sa isang interview kay Gng. Dina Ocampo-Cristobal

na para lamang sa mga batang may dyslexia.

Noong Hunyo 1995, nagbukas ang Wordlab School ng Level 1 (Grado 1-3). Ngayong 1997, ang Wordlab ay buo na mula Grado 1 hanggang 6.

**Kurikulum**

Layunin ng Wordlab School na matulungan ang mga bata na unawain ang mga bagay na kailangan nilang matutunan at malaman ang mga tuntuning makatutulong sa pagpapabuti ng kanilang perpormans at makapagpapaunlad ng kanilang "reading comprehension."

Paano inihahanda ang kurikulum? Ang kurikulum ay isang "collaborative effort" ng mga guro ng Word-lab. Nagpupulong sila tuwing Sabado upang mabuo ang kurikulum isang taon bago magsimula ang programa.



Una nilang ginagawa ang "skills checklist" para sa bawat asignatura. Ano ba ang kailangang ituro sa bawat asignatura? Pangalawa ay ang pagpapalakas ng kanilang programa para sa Agham. Kinakailangang "experiential" ito. Inililista nila ang mga kailangang matutunan sa Agham. Pagkatapos ay humahanap sila ng akmang pamamaraan ng pagtuturo. Halimbawa, upang lubos na maunawaan ang "scientific method," kailangang dumaan ang mga estudyante sa buong proseso ng pagsi-siyasat. Gagabayan ang mga bata mula sa pagset-up ng mga tanong hanggang sa paghahanap ng mga sagot.

Ito ay dahil sa ang mga dyslexic ay "global thinkers". May tendensya silang gumawa ng "generalization". Alam nila ang isang bagay ngunit nahihirapan silang maghimay ng kanilang mga ideya. Nahihirapan din silang patunayan ang mga pinani-niwalaan nila. Ang target ng Wordlab ay ang matulungan silang magbuo at maghimay ng mga ideya.

Layunin ng Wordlab School na matulungan ang mga bata na unawain ang mga bagay na kailangan nilang matutunan at malaman ang mga tuntuning makatutulong sa pagpapabuti ng kanilang perpormans at makapagpapaunlad ng kanilang "reading comprehension."

**Ebalwasyon**

Isinasagawa ng Wordlab ang tuluy-tuloy na ebalwasyon ng kanilang kurikulum dahil kinakailangan ang madalas na pagsusuri ng kaangkupan ng programang inihanda para sa mga estudyante. Unang-una na ay sa dahilang sa simula ay hindi pa nakikilalang mabuti ang mga estudyante. Pangalawa ay sa paniniwalang hindi nararapat pilitiin ang mga batang mag-adjust sa sistema, kundi sistema ang nararapat baguhin ayon sa pangangailangan ng mga bata.

Sa ebalwasyon, ang unang hinahanap ay ang mga "strength" ng isang bata. Saan ba siya magaling? Dito da-pat magsimula ang pagkatuto. Kinakailangan humanap ng pinakaangkop na paraan upang hindi siya mahirapan. Sa kanilang mga pulong at talakayan binibigyang puna ng mga guro ang nakahanda ng kurikulum. Hinahanap ang mga kahinaan at ang mga maaaring maging problema. Kung kinakailangan, bina-bago ng mga guro ang nakahanda nang kurikulum. Dahil sa ganitong pamamara-an, nararapat na maging matatag at propesyonal ang isang guro. Nararapat na isa-isip na ang lahat ng ito ay para sa ikabubuti ng mga estudyante.

Ang resulta ng ebalwasyon ang magiging basehan ng mga desisyon at gagawin ng guro. Sa bawat antas ay may trimestral evaluation: dalawang pagsusulit, isang written at isang oral. Mahalaga ang oral dahil doon magaling ang mga bata. Maaaring nauunawaan nilang mabuti ang leksiyon nguni't hindi nila maisulat nang maayos ang kanilang mga ideya.

Mayroon ding "case conferences"

linggu-linggo kung saan pinag-uusapan ang pangangailangan ng bawat estudyante.

**Follow-Up**

Pangunahing layunin ng Wordlab School ang maging isang "transition school". Mag-aaral dito ang estudyante ng hindi hihigit sa tatlong taon, pagkatapos ay lilipat o babalik na sa "regular school". Nguni't kung talagang naroon ang pangangailangan, pinahihintulutan ang isang estudyante na magpatuloy ng pag-aaral sa Wordlab. At sa dahilang kinikilala ang kahalagahan ng follow up sa pag-unlad ng isang mag-aaral, handa ang eskwelahan na magbigay ng karampatang suporta sa mga dati nilang estudyante.

**Mga Mithiin**

Nais ng Wordlab na makapagbigay sa mga batang may dyslexia ng isang paaralang magtuturo ng mga pamamaraan para sa kanilang pag-unlad na pangakademiko; na makatulong sa pagdebelop ng mga bata ng sariling istratehiya upang matuto silang mag-cope; at madebelop sa mga bata ang kakayahang ma-assess ang kanilang kalakasan at kahinaan. Ibig din ng Wordlab na matulungan ang mga bata na maunawaan ang kanilang learning difference at matanggap ito upang makapagpatuloy sa kanilang edukasyon. At dahil alam ng mga guro ng Wordlab na ang pagtuturo sa isang dyslexic ay may mga karagdagang pangangailangan, layunin din nila na maging isang research at training institute para sa mga guro.



Mathematics Humor

More daffy definitions inadvertently made by students*

- A polygon with seven sides is called a hooligan.
- A circle is a line which meets its other end without ending.
- An axiom is a thing that is so visible that it is not necessary to see it.
- Algebraical symbols are used when yo do not know what you are talking about.
- Algebra was the wife of Euclid.
- A common fraction is used to denote strong feeling by placing the decimal point two places to the right.
- Trigonometry is when a lady marries three men at the same time.
- If one angle of a triangle is more than 90 degrees the triangle is obscene.
- Theorem: Two triangles are similar when the homo-glorious sides of one are parallel respectfully to the homo-glorious sides of the others

*http://www.wkbradford.com.teachum.htm